Buong Teksto

ANG JACKAL NA NAGLIGTAS SA LEON

Nang iligtas ni Jackal si Leon sa bingit ng kamatayan, sila'y naging matalik na magkaibigan. Ngunit si Leonesa ay hindi makapagkasundo kay Jackal. Ano kaya ang mangyayari sa kanilang pagkakaibigan?

Mga Kwentong Jataka: sari-saring salaysay mula sa buhay ni Buddha, inihahandog sa inyo ng Areté at ng Embahada ng India, kaakibat ng Loyola Schools Kagawaran ng Filipino. "Ang Jackal na nagligtas sa Leon" isinalin sa Filipino ni Mark Benedict F. Lim at babasahin satin ni Sharmaine V. Hernandez.

Noong unang panahon, may isang Leong naninirahan sa gubat. Isang araw, nang magtúngo siya sa ilog para uminom, napabaón ang isang paa niya sa mamasá-masâng bahagi ng tabing ilog. Nagpilit siyang kumawala subalit walang nangyari. Napilitan siyang ilang araw na humiga roon nang walang makakain dahil walang dumarating na tulong. Isang mapalad na araw, may mabuting Jackal na pumaroon para uminom din sa ilog. Nakita ng Jackal ang Leon, nilapitan ito at tinanong, "Kumusta? Bakit dito ka nagpapahinga?"

Isinalaysay sa kaniya ng Leon ang nakalulunos na pangyayari. Dagling gumawa ang Jackal ng landas palabas sa buhangin, ngunit hindi maigalaw ng Leon ang kaniyang mga paa. Nanigas na ang katawan nito sa pananatili sa gayong postura nang ilang araw. Naunawaan ng Jackal ang kalagayan ng Leon at buong tiyagang tinulungan niya itong makaahon. Labis na nagpasalamat ang Leon sa ginawang pagtulong sa kaniya ng Jackal. Tuwang-tuwa siyang makahulagpos matapos ang maraming araw.

Pinahalagahan ng Leon ang pagsisikap ng Jackal. Inanyayahan niya itong tumira malapit sa kaniya at pinangakuang pakakainin ito sa tuwing may mahuhuli siya. Pinaunlakan ng Jackal ang paanyaya at nagsimulang makipanirahan sa Leon. Sa gayon, masaya silang nabuhay nang magkasalo sa pagkain. Paglaon, lumaki ang kanilang pamilya. Nagkakuting ang Leon, at nagkatuta ang Jackal. Maligayang pinalipas ng Leon at ng Jackal ang kanilang mga araw. Wala sa kanilang hinagap na hindi pala gusto ng kani-kanilang pamilya ang pagkakaibigan nila.

Isang araw, matapos ang mahabang panahon, ang Leona, ang senyora ng bahay ng Leon, ay nagsabi sa kaniyang mga kuting na hindi niya nagugustuhan ang mabuting pakikitúngo ng

Jackal sa kaniyang asawa. Ikinuwento ito ng mga kuting sa mga tuta. Iniulat naman ng mga tuta ang bagay na ito sa senyorang Jackal. Pagkatapos, ibinalita ito ng senyorang Jackal sa kaniyang asawa.

Pinuntahan ng Jackal ang Leon at tinanong, "Tinulungan kita nang walang inaasahang kapalit. Inalok mo akong makipanirahan sa iyo, at tumira nga ako kasama mo. Ngayon, kung hindi mo pala gustong nakikitira ako, idineretso mo sana sa akin. Bakit mo pa isinangkot ang asawa mo't anak para lang maiparating ito?" Nagulat ang Leon nang marinig ang ganitong pananalita. Aniya, "Mahal kong kaibigan, ano ang sinasabi mo? Wala akong nakikitang problema sa iyo o sa ating pagkakaibigan." Tiniyak niya sa Jackal na wala siyang samâ ng loob sa pagkakaibigan nilang dalawa.

Tiniyak din ng Leon na kakausapin niya ang Leona upang malutas ang mga bagay-bagay. Matalas ang isip ng Jackal at naunawaan ang sitwasyon. Sinabi niya sa Leon, "Mahal na kaibigan, alam kong tapat ka sa akin, ngunit hindi naman káya ng mga pamilya nating magsama tulad ng ating pagkakaibigan. Kayâ maghiwalay na tayo at magkita na lang nang madalas bilang magkaibigan. Maaari ding manghuli tayo nang magkasama. Pero mas mainam kung magkalayo ang mga pamilya natin." Sumang-ayon ang Leon sa panukala nang mabigat ang kalooban.

Naghiwalay ang dalawang pamilya bilang magkakaibigan. At nagpatuloy naman ang pagkakaibigan ng Jackal at ng Leon. Madalas pa rin silang nagkikita at magkasamang naghahanap ng makakain. Habambuhay na pinagsaluhan ng dalawa ang kanilang maluwalhating pagkakaibigan.

***

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

Ang Haring Matsing
Ang Nagsasayaw na Paboreal
Ang Madaldal na Pagong
Ang mga Nakakita sa Punong Judas
Ang Jackal na Nagligtas sa Leon
Ang mga Lawin at ang kanilang mga Kaibigan
Ang Nagbabanal-banalan
Ang mga Prinsipe at ang Engkanto ng Tubig
Ang Batang Babaeng Unggoy at ang Kuwintas na Perlas
Ang Puso ng Matsing
Ang Ginintuang Gansa
'Uling' ni Impo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Estelle Marie M. Ladrido, PhD Ricardo G Abad, PhD	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Senanda Gomez	*Talent Coordinator and Production Associate*
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Duane Ligot Rey Sotto Justine Ray Santos	*Sound Design and Technical Team*
Noriel Mendoza Vanessa Reventar	*Logistical Support*
Fran Alvarez	*Illustrator*
Lazir Caluya Vanessa Reventar	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Embassy of India in Manila, Philippines

Shambhu S. Kumaran	*Ambassador of India to the Philippines*
Vishwanjali M Gaikwad	*Second Secretary (Press, Information, and Culture)*
Michael James Mangaring	*Assistant*

Ateneo de Manila University Loyola Schools

Kagawaran ng Filipino

Michael M Coroza, PhD Mark Benedict F Lim Claudette M Ulit, PhD	*Translators*
Michael M Coroza, PhD	*Translation Editor*
Anna Trisha Monica O Abeleda Ariel A Diccion Jomar I Empaynado Carlota B Francisco John Carlo S Gloria Sharmaine V Hernandez Yolando B Jamendang, Jr Glenda C Oris Jerry C Respeto, PhD Corazon L Santos, PhD Jethro Niño P Tenorio Andrea Anne I Trinidad	*Readers*